REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51
FAX No. 842-5549 •842-6196 •842-4926

SANGGUNIANG PANLUNGSOD

KAPASIYAHANG PANGLUNGSOD BILANG 96-257

KAPASIYAHANG PANGLUNGSOD NA NAGLALAYONG HILINGIN SA KONGRESO NG PILIPINAS NA MAPALITAN ANG PANGALAN NG ALABANG-ZAPOTE ROAD, NA ISANG PAMBANSANG LANSANGAN, BILANG CONGRESSMAN FELIMON C. AGUILAR AVENUE.

***************************************************************

Ipinanukala ng Lahat ng Kagawad ng Sangguniang Panglungsod

***************************************************************

SAPAGKAT, ang namayapang Congressman Felimon C. Aguilar bago pa man naging isang Punongbayan sa Bayan ng Las Pinas at kinatawan ng Distrito ng Las Pinas-Muntinlupa sa Kongreso ay nanilbihan muna bilang "Barrio Doctor" sa Muntinlupa sa loob ng mahabang panahon;

SAPAGKAT, siya bilang doctor at lider ng bayan ay nakapagsagawa ng napakaraming mahahalagang bagay upang maisulong ang kaunlaran at maitaas ang antas ng kabuhayan ng ating pamayanan;

SAPAGKAT, ang buong buhay niya ay kaniyang itinalaga sa matapat at walang kapagurang serbisyo publiko;

SAPAGKAT, ang kanyang pagyao noong 1995 ay tunay na malaking kawalan di lamang sa kaniyang nasasakupan kundi higit sa larangan ng serbisyo publiko;

SAPAGKAT, si Congressman Felimon C. Aguilar ay maituturing na bayani ng bayan at marapat lamang na ang kaniyang alaala at kadakilaan ay laging maging buhay sa puso at isipan ng bawat isang taga-Muntinlupa;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa ay buong pagkakaisang pinagpasiyahan na hilingin sa Kongreso ng Pilipinas sa pamamagitan ng Punonglungsod Mggl. Ignacio R. Bunye sa pagsasabatas ng isang hakbangin na magpapalit ng pangalan ng Alabang-Zapote Road bilang Congressman Felimon C. Aguilar Avenue.

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51
FAX No. 842-5549 • 842-6196 • 842-4926

**SANGGUNIANG PANLUNGSOD**



PINAGTIBAY ngayong ika-29 ng Enero, 1996 sa ika-26 na regular na pulong ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa.

SINANG-AYUNAN:

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punonglungsod/Pangulong Opisyal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. RAFAEL R. ARCIAGA
Konsehal

KGG. VICTOR L. ULANDAY
Konsehal

KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.
Konsehal

KGG. JO JASON L. ALCARAZ
Konsehal

(Liban)
KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
# PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51
FAX No. 842-5549 • 842-6196 • 842-4926

SANGGUNIANG PANLUNGSOD



KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

(Di Lumahok)
KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punong-Bgy.

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS, JR.
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sang. Kabataan

PINATUTUNAYAN:

NECITO M. GUICO
Kalihim
SANGGUNIANG PANGLUNGSOD

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punonglungsod